SM Bears of Joy brought Smiles during its Turnover in Laguna p.5

Southern Sparkle News and PUBLISHING
WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XIII No. 14 JANUARY 10-16, 2022 P10.00



*Nag release na ng Financial at Medical Assistance sila Mayor Gemma Lubigan kasama ang Team Lubigan , para sa ating mga kababayan na nangangailangan ng tulong. Di man ito sapat, sanay naging bahagi ang pamahalaang lungsod ng solusyon sa mga ito. Hindi po kami titigil na mag handog ng mga assistance para sa ating mga Treceño dahil ito ay mula rin sa buwis na inyong inaambag sa ating Lungsod. Kasama ang Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires at ang buong pwersa ng TEAM LUBIGAN, kasama nyo po kami sa bawat hamon ng buhay. Dobleng pang iingat para sa ating mga minamahal na TRECEÑOS*

# 'NO VAX, NO LABAS' POLICY, PLANONG IPATUPAD SA BUONG BANSA

Bilang tugon sa patuloy na pagtaas ng naitatalang kaso ng COVID-19, inirerekomenda ng maraming opisyal ang pagpapatupad ng polisiyang 'No Vax, No Labas' sa buong bansa.

Sa isinagawang Talk to the Peope ni Pangulong Duterte nitong nagdaang Martes, sinabi ni Presidential Adviser for Covid-19 Response Vivencio Dizon na napagkasunduan na ng DOH at IATF na irekomenda ang (cont. p.3)



***Makikita sa larawan ang mga frontliners na sina Amelee Valorozo, Diane Capili, Sky Castillo, Leona Carlom, Racquel Carig, Luisa Canatoy, Jiji Flores sa City of Imus Sports Complex Imus, Cavite sa isinasagawang vaccine. Sila ang nagbibigay ng mga kaukulang documents upang pill-upan ng mga pumapasok na willing magpabakuna, maraming salamat po sainyong patuloy na pag-agapay sa mga tao. Mabuhay po kayo.***

# DALAWANG BAGONG DUMP TRUCK PARA SA LUNGSOD NG PARAÑAQUE




Nitong lamang January 6 taong kasalukuyan personal na ininspeksyon ni Parañaque City Mayor Edwin L. Olivarez ang dalawang bagong Dump Truck na proyekto ng Lungsod ng Parañaque na dadagdag sa kokolekta ng mga basura at magpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng Lungsod. Kasama si CENRO Chief, Bernie Amurao at pamunuan ng CENRO na siyang inatasan ng ating punong lungsod na ang pangunahing mandato ay ang pagsasaayos at pagpapanatili ng kalinisan ng Lungsod ng Parañaque.

# CONTROL POINT, BINUKSAN NG KAWIT LGU, BFP SA CAVITEX




Kamakailan ay binuksan ng lokal na pamahalaan ng Kawit, sa tulong ng Bureau of Fire Protection (BFP), ang Control Point sa Cavitex upang malimitahan ang mga papasok sa lalawigan.

Ito ay matapos na muling isailalim sa Alert Level 3 ang Cavite nitong Miyerkules, Enero 5, 2022.

Layunin nito na masunod ang mga panuntunan na inilatag ng Inter Agency Task Force (IATF) at malabanan pagtaas ng bilang ng mga bagong kaso ng Covid-19 sa gitna ng pagkalat ng Omicron variant.

Inaasahan na tatagal rin ang nasabing Control Point hanggang sa Enero 15.

# RPHU4A CONDUCTS BAYANIHAN FOR PUPILS





Camp Vicente Lim, Calamba City - The Regional Highway Patrul Unit 4A (RHPU4A) based on this camp conducted a one-day Barangayanihan ("Outreach Program") together with the PNP Aviation Security Group in Cavite City.

Capt Dyne Moreno, Chief, Police Community Relations Officer, under the supervision of RHPU4A Regional Chief Col Samson Belmonte said the project benefitted 200 elementary pupils from Barangay Pook, Zone 48M, Sangley Point where school supplies and other gift packs containing slippers were given.

Moreno said their unit is always challenged to abide by the PNP Core Values; Maka-dios, Maka-tao, Maka-bansa at Maka-kalikasan.

She also said since this pandemic has hit each one of us, our everyday lives have changed, and unfortunately, most of us have experienced difficulty breezing through this pandemic. This is why RHPU4A, in staying true to our commitment to create a positive impact in children's lives, has launched a ride for a cause outreach program in efforts to combat this ever-persistent challenge in our society, education".

Moreno also said thay eventually, their beneficiaries and the communities they belong would end and alleviate the poverty they are in. Outreach programs like this, he said, empower them to go on with their everyday lives and be more responsible students; eventually helping them aspire to a brighter future.

Helping accomplish this undertakings are various civic groups and riders from FSRAP Cavite, CDM EAgles Club, Lakas Bagwis, Class Pagbabago and Class Magilas Riders.

She also said that all personnel who get themselves involve have shown exemplary selflessness and humanity that is the reason why it is strongly recommended and to grant them appropriate awards for their outstanding routine and unwavering services not only to Highway Patrol Group but also to the Philippine National Police.

**SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite**

Southern Sparkle News and Publishing — ISSN 2508-1973 — The country's news vehicle towards progress and development.

Office Add: Blk. 2 Lot 1 Justinville 2, Palico I, Imus City
Mobile No. 09399551973/ 0927-207-5522/ 09057552963
E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com/ southernsparklenews1973@gmail.com

| | |
|---|---|
| **MILAGROS BAGAPORO** | Publisher |
| **Marra Villegas** | Associate Publisher |
| **Margie Bautista** | Editor-In-Chief |
| **Jerry Guina** | Managing Editor |
| **Pinky Lungcay** | Business Manager |
| **Michelle Mendoza** | Account Executive |
| **Renato Alcoran** | Circulation-in-Charge |
| **Augusto Laguda** | Circulation/Operator |
| **Maricar Lumas** | Layout Artist |
| **Billy David Sadik** | Reporter |
| **Atty. Wilfredo Saquilayan** | Legal Counsel |

MEMBER of PRIME ALLIANCEOF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc. PAPER'Ph Est. 2019

Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columinist.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00

# PUBLIC SCHOOL TEACHER, BINARIL SA HARAP NG BAHAY , 5 ARESTADO

Patay ang isang 58-anyos na Public School teacher makaraang barilin sa harap ng kanilang bahaysa Amadeo,Cavite

Kinilala ang biktima na dead on the spot ang biktimang si Normita Bautista na residente ng Brgy Salaban, Amadeo, Cavite na nagtamo ng tama calibre 45 baril sa ulo.

Base sa inisyal na pagsisiyasat ng pulisya, hinihinalang nag ugat umano sa ibinentang paupahang lupa't-bahay ang naging.motibo sa pamamaslang.

Pinangalanan naman ang suspek na (cont. p.5)

# SM Foundation distributes Christmas Packs for the Communities in Laguna





SM Cares together with SM Supermalls, SM Markets and SM Retail shares the joy of the holidays through Kalinga Christmas Food pack to various communities in Laguna last December 2021. This joint project in the SM Group was mobilized to bring essential good to sectors in need. Each Kalinga packs was distributed following MHP while social distancing was maintained at all times.

"Christmas is the time of coming together and taking care of those who needed it most in our community," PR Manager Ms. Niña Wong said. "It through our solidarity and concerted efforts that the SM Group can make it jhappen" she added. Each food packs contained contain several kilos of rice and other food essential. **(NINA WONG)**

## HAPPY BIRTHDAY MARRA VILLEGAS



**GREETINGS FROM:**
**SOUTHERN SPARKLE NEWS MANAGEMENT & STAFF**

## *NO VAX, NO LABAS...* from p. 1

pagpapatupad ng nasabing polisiya sa buong bansa.

We are recommending that this policy in (the) NCR also be adopted by the entire country, even in areas that have not yet experienced the surge because we know it is really just a matter of time that this Omicron has spread throughout the country," ani Dizon.

"This is really the situation today in different countries, not just us, that the unvaccinated are really the ones that are being hit badly by the new variants and they are the ones causing the health care systems to be congested. And because of that, they pose the greatest risk," dagdag pa ni Dizon.

Kaniya ring sinabi na karamihan umano sa mga bansa, partikular na sa Europa, ay nililimitahan na rin ang paggalaw ng mga unvaccinated persons sa kanilang nasasakupan.

Kaugnay nito, muli namang hinikayat ng pamahalaan ang mga 'di pa bakunadong mamamayan na magpaturok na upang maiwasan ang mas malalang epekto ng sakit.


Nauna nang ipinatupad ang 'No Vax, No Labas' policy sa NCR dahil sa biglang pagtaas ng bilang ng mga mamamayang nagpopositibo sa COVID-19.

# Obituary



Notice is hereby given to the public that **SERGIO AUSTRIA AUSTRIA**- age 52 died on SEPTEMEBER 17, 2021 wife, **MILAGROS OCAMPO AUSTRIA** with children - son, John Sdyney Ocampo Austria, Jose Gio Ocampo Austria, Jaeuz Allen Ocampo Austria - daughter, Gwyneth Sheila Ocampo Austria

**Southern Sparkle News and Publishing**
**January 10-16, 2022**







***Bago matapos ang taon ay pinasalamatan ni Kuya Joey Chipeco at binigyang pugay ang magigiting na Barangay Health Workers para sa kanilang hindi matatawarang serbisyo sa mga Calambeño. Maraming salamat sa BHW sa kanilang diligence sa mga pangangailangan ng lubos na nangangailangan at sa pag-monitor ng kalusugan ng bawat barangay. Maraming salamat po!***

Southern Sparkle News
VOL. XIII NO. 14



***Turnover of Christmas Kalinga packs for the residents of Brgy Uno Calamba, Laguna. SM City Calamba together with SM Supermarket and SM Foundation, Inc. continue to share the Christmas joy by giving Christmas Kalinga packs to the members of the community. A total of 200 Christmas Kalinga packs were received by Chairman Robert Concon which will be distributed to the residents of Brgy Uno.* (KCHT)**

# 'CHOP CHOP' VICTIM, NATAGPUAN SA LUNGSOD NG BACOOR

Isang 19-taong gulang na estudyante mula Tondo, Manila ang natagpuang patay at hati-hati ang katawan sa lungsod ng Bacoor.

Batay sa ulat ng ABS CBN News, lumapit sa mga awtoridad ang pamilya ng biktima na si Rusty, hindi nya buong pangalan, nitong Disyembre 30 dahil nawawala ang binata.

Miyerkules ng hapon noon pang nakaraang linggo huling nakita ang biktima sa kanto ng Severino Reyes at Remigio Street sa Tondo kung saan namataan umano siyang pumasok sa inuupahang bahay ng isang businessman.

Sa isang CCTV footage, nakuhanan naman ang paglabas ng businessman sa kaniyang bahay pasado alas onse ng gabi at isinakay sa likod ng isang taxi ang dalawang malalaking sako.

Huwebes ay nakatanggap ng tawag ang Moriones police ukol sa dalawang sako na natagpuan sa Bacoor Boulevard sa Bacoor City, na tumutugma sa mga bitbit na sako ng nasabing businessman.

Dito na natagpuan ng pulisya ang hati hating katawan ng biktima, na kinumpirma ng kaniyang kaanak.

Matapos nito ay kaagad na nagsagawa ng follow up operation ang mga pulis at inaresto ang businessman na posibleng huling nakasama ng biktima.

Batay kay Manila Police District Director Brigadier General Leo Francisco, may ilang mga nakuha silang impormasyon na ginamit umano ng biktima sa online sabong ang pera ng suspek.

Sa ngayon ay tuloy ang kasong murder sa nasabing suspek.

# PROMENADE DE DASMARINAS, MGA PARKE SA LUNGSOD, PANSAMANTALANG SARADO SA PUBLIKO

Sa isang opisyal na pabatid sa social media, ibinahagi ni Dasmarinas City Mayor Jenny Barzaga ang pansamantalang pagpapasara sa Promenade de Dasmarinas at lahat ng mga parke sa lungsod bilang pag-iingat sa banta ng #COVID19.

Ang nasabing kautusan ay nagsimula ngayong Lunes, Enero 3, kasunod ng pagtaas ng mga bagong kaso ng nasabing sakit sa buong bansa.

Ayon sa caption ng post ni Barzaga, "TEMPORARY PARK CLOSURE ay ipatutupad para maagapan ang pagdami ng kaso sa ating Lungsod."

# 12 KATAO BIKTIMA NG PAPUTOK CAVITE NITONG BAGONG TAON

Nasa 12 katao, na karamihan ay menor-de-edad, ang naging biktima ng mga paputok sa lalawigan ng Cavite nitong nakaraang pagsalubong sa bagong taon.

Batay sa ulat ng pulisya, 3 ang naging biktima sa lungsod ng Dasmarinas, 3 mula sa General Trias, at 6 mula sa Imus. Ang mga nasabing biktima ay nagkaroon ng sunog sa kamay, paa at katawan.

Sa naging pagsisiyasat ni Cavite Provincial Police Office director Col. George Abad, karamihan sa mga biktima ay nanonood lamang ng mga nagpapaputok at aksidenteng nasapol o tinamaan.

Habang ang ilan sa kanila ay ang mismong nagpapaputok ng hindi inaasahang sumabog na fountain o kwitis.

# SM Foundation, Uniqlo Philippines donate shirts to Laguna Frontliners



***L-r Ms. Niña Wong, SM San Palo PR Manager with Mr. Patrick Ballesteros Asst. Mall Manage, COP Paul Sabulao, Ms., Kc Tiqui SM Columba PR Manager and CRS Manager Oscar Pamada Jr. during the turnover of Uniqlo life wear donation to PNP Santa Rosa***



***L-R SM San Pablo Mall Admin Ms. Sheryl Villegas Tenant Relations Officer, Ms. Edesa Sibug Asst. Mall Manager and Ms. Kit Reyes Marketing Manager with San Pablo City Health Resbakuna Team receiving the Uniqlo shirts from Uniqlo's social good collaboration with SM Foundation.***

Uniqlo Philippines in collaboration with SM Foundation distributed their Life Wear (Dry T-shirts) to front liners based in Laguna. The Dry T-shirts were distributed to cities including San Pablo, Calamba and Santa Rosa – recipients were San Pablo Covid Task Force, Sta Rosa Police force and Calamba Police force and Calamba Resbakuna Team amongst others.

According to Uniqlo Philippines, the distribution of t-shirts is "a simple gesture to show appreciation for the hard work of our healthcare workers and frontliners."

The Uniqlo Life Wear Shirts are smooth and comfortable with a casual, cotton-like texture updated with a contoured silhouette for easy movement and added dry technology.

"Through this clothing technology of Uniqlo, frontliners will be comfortable under those layers of PPEs especially that the Philippines is a tropical country," Uniqlo Philippines said in a statement.

**(NINA WONG)**

# FIRECRACKERS NA NAKUMPISKA SA OPERATION NG CAVITE PNP, WINASAK

Nasa humigit. kumulang sa 8,050 ibang ibang uri ng mga paputok tulad ng Luces, Piccolo, Kwitis, sinturon ni Judas, Bawang na nakumpiska sa magkakahiwalay na operation kapulisan laban sa ilegal.na paputok ang sinunog sa loob ng Camp Pantaleon Garcia.Imus City,-Cavite.

Pinangunahan ni PCOL ARNOLD E ABAD, Cavite Police Provincial Director,at PLtCol Marieta Garrido OIC ng Regional Civil Security Unit 4A.ang pagwasak ng nasabing.mga ilegal.na paputok.

Bagamat yung ibang mga nakumpiska tulad ng Fountain ay hindi bawal subalit dahil sa.kawalan ng wala kaukulang permit kung kaya kinumpiska ang mga ito.

Napag alaman na ang Cavite ang may pinakamaraming nakumpiskang illegal firecrackers o phyrotechnic device sa buong Calabarzon ayon sa datos ng lalawigan.

Magtatalaga rin ang bureau of fire Protection at ang local na pamahalaan ng fire display Zone para masiguro na ligtas gagamit ng mga nito.

Umabot sa humigit kumulang sa php150,000.00 halaga ng.mga paputok ang nawasak sa.pamamagitan ng.pagbasa ng tubig upang hindi na mapakinabangan at hindi na makadisgrasya lalong lalo na ang mga bata.

Kaugnay nito dalawang bata na taga Gen trias at Dasmariñas City ang nabiktima ng ilegal na firecrackers nang tamaan ang mata nito ng Picollo at naputukan ng Boga, suwerte naman na hind. malubha ang tinamo ng.dalawang biktima.

Sa tala ng Cavite Police Provincial. Office bumaba ang.mga nakumpiskang ilegal firecrackers ngayong.2021 kumpara noong nakaraang 2020.

Patuloy naman ang pagpapaalala ng Cavite PNP sa pangunguna ni PCol Abad na sumunod sa ipinag uutos ng batas upang.maisawasan ang anjmang disgrasya na.posibleng mangyari.

**(MARGIE BAUTISTA)**

# SM Bears of Joy brought Smiles during its Turnover in Laguna



SM Mall Employees with the Children from the Frontline ministry during the SM Bears of Joy turnover. Through the kindness of shoppers, community friends and employees the SM Bears of Joy project has always been a tremendous success. The SM Bears of Joy is an annual project of SM Cares, SM Supermalls, and Toy Kingdom to encourage shoppers to share the holiday season's joy with children in need. This year's collection features designs inspired by four of the most common interests and hobbies that many Filipinos took up significantly during the pandemic. They are Cookie the Baker Bear, Sunny the Plant Lover Bear, Cammy the Vlogger Bear, and Journey the Biker .

**(NINA WONG)**

# HERO COP HONORED IN BATANGAS







Camp Vicente Lim, Calamba City - PRO CALABARZON Regional Director Brig Gen Eliseo DC Cruz pays his last respect to Police Corporal Reynan Manalo, PNP member of Bauan Municipal Police who died during an armed confrontation with the suspect, Jollyben Galin Montoya at Sitio Tubog, Barangay . San Teodoro, Bauan, Batangas last 10:45 AM of January 1, 2022. Cruz also awards the Medalya ng Kadakilaan (Posthumous Award) to

Manalo and extends his condolences and gave financial assistance to the police officer's family.

According to Bauan Police, they received a report of attempted stabbing incident at Sitio Tubog. Thus, members of the Bauan Police Patrol Section led by Manalo were dispatched and immediately responded to the incident. Despite attempts of negotiation, suspect suddenly assaulted Manalo prompting him to shoot the approaching suspect. The armed suspect was able to reach Manalo and stabbed him on different parts of his body. Two other members of Bauan Police shot the suspect that cause his instantaneous death. Unfortunately, Manalo did not survive.

"This incident pains me. Isang matapang at matapat na pulis na naman ang nalagas sa aming hanay dahil sa pagganap sa kanyang sinumpaang tungkulin. Nakikiramay po ako sa pamilya ng naiwan. Nawa ay malampasan niyo ang pagsubok na ito at maging matatag kayo," Cruz said.

He also reminds the police officers in the field to always be vigilant and alert during police operation.

## PUBLIC SCHOOL TEACHER... from p. 2

sina Ananda Siresena Karunasinghe, 59; Celina De Luna y Cabasi, 51, isang dating Public Teacher; Antonio Romeroso y Roguel, 53; Benidic Cabasi y Baysan, 43, at Mark Romeroso , 21, pawang residente ng Purok 3 Brgy Lalaan 2nd, Silang, Cavite

Batay sa report ni PSSgt Arvin Balbuena ng Amadeo Police Station,ganap na alas 12:10 ng hapon nakatayo ang biktima sa harapan ng kanilang bahay dakong alas-12:00 ng hapon nang barilin ng isang gunman ang biktima na naging resulta ng pagkamatay nito.

Matapos ang pamamaril, ay tumakas ang suspek sakay ng isang kulay neon green na motorsiklo at mabilis na tumakas, subalit nasira ang ginamit na motorsiklo sa hindi kalayuan sa pinangyarihan ng krimen kaya iniwan na lamang nito saka tumakas.

Nakuha naman ang pagkakakilanlan sa suspek nang na-videohan ng kapitbahay ng biktima bago naganap ang naturang pamamaril.

Nabatid na "Nagalit ang biktima sa umumupa ng kanilang bahay sa Gen. Emilo Aguinaldo na dati niyang co-teacher kung paano naibenta ang bahay" ayon kay Balbuena

Agad namang nagsagawa ng dragnet operation ang pulisya sa mga suspek kung saan naaresto ang lima dakong alas-10:30 ng gabi sa isang bahay sa Brgy Lalaan 2nd, Silang Cavite kung saan nagpupulong ang mga ito

Ayon pa kay Balbuena, isang araw bago ang insidente ay ibinenta ang motorsiklo sa gunman na siya niyang ginamit na getaway vehicle kaya lumalabas na pinaglanuhan ang pagpatay .

Narekober sa mga suspek ang isang 1911 caliber 45, tatlong pirasong magazine ng kalibre 45 na may lamang bala, shotgun na may 12 na bala, M16 riffle at isang kulay grey na Adidas Hoodie jacket.

**(MARGIE BAUTISTA)**

# Community newS Ngayon


MICHELLE MENDOZA









PAMAMAHAGI NG CONSTRUCTION MATERIALS PARA SA MGA PAMILYANG NASUNUGAN SA LOWER MATATDO, BARANGAY SAN ISIDRO- January 4, 2022 Personal na tinungo ni Parañaque City Mayor Edwin L. Olivarez ang mga pamilyang nasunugan sa Lower Matatdo, Barangay San Isidro upang ipamahagi ang tulong ng Lokal na Pamahalaan na mga Construction Materials para sa mga 68 pamilyang naapektuhan ng sunog na agad namang naapula sa pakikipagtulungan ng Barangay San Isidro, Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Parañaque at ng Bureau of Fire Protection (BFP) katuwang ang iba't ibang ahensya.Kasama sina Congressman Eric L. Olivarez, Councilor Binky Favis, pamunuan ng Barangay San Isidro sa pamumuno ni Barangay Chairman Noel Japlos, CSWDO, CENRO, UMADO, BFP at GSO. **(MICHELLE MENDOZA)**





January 6, 2022 - nagmonitor at nag inspeksyon si Parañaque City Mayor Edwin L. Olivarez sa iba't ibang opisina sa ating Parañaque City Hall sa mga Frontline offices tulad ng Business Permits and Licensing Office (BPLO) at City Treasury upang siguruhin na maayos na naipapatupad ang mga guidelines sa ilalim ng ipinapatupad na "General Community Quarantine Alert Level-3" laban sa COVID-19.Pinaalalahanan at iminungkahi ng punong lungsod ang kahalagahan ng Social Distancing, Proper Hygiene at regular na Disinfection sa mga opisina lalo na sa mga Frontline offices sa lungsod ng Parañaque upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. **(MICHELLE MENDOZA)**

# News On FIRE








Bago pa muling lumobo ang bilang ng datus ng covid case sa NCR ang BFP TAGUIG STATION under the leadership of City Fire Director SSupt. Bernard Rosete hindi tumigil ang kawani ng bumbero upang magsagawa ng pagdi disinfect sa buong lungsod upang mas mapanatiling ligtas ang kumunidad at naging maingat ang buong ahensiya upang makasiguro na mapigilan ang pagkalat ng virus at nang ibaba ang alert level 3 nagtalaga ng mga kawani ng bumbero sa mga lugar upang magmonitor sa buong lungsod katuwang ng lokal na pamahalaan,Sa kabila ng panibagong kinakaharap na hamon ng bawat isa sa buong Taguig tuloy tuloy parin ang pag sulong ng mga programa para sa KAISA (A Call To Action Against Distructive Fire Campaign) na ang tanging layunin ay mabigyan ng kasiguraduhan na mabibigyan ng sapat na kaalaman ang bawat mangagagawa ng bawat kompanya upang mas maprotektahan ang buhay, ari arian, at hanap buhay. **(MICHELLE MENDOZA)**

---









Dasmariñas City sa pamumuno ni Mayor Jennifer Barzaga, Congressman Pidi Barzaga at Vice Mayor Rex Mangubat at City Council binahagi ni Konsehal Fransico KIKO Barzaga ang latest update progress para sa kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas makikita ang nalalapit ng pagtatapos ng mga gusali na maari ng magamit ng mga mag-aaral ng Dasmariñas.Sulong na, Sulong pa ang layunin ng lokal na pamahalan para sa mga taga rito.
**(MICHELLE MENDOZA)**




BFP PASAY nito lamang Enero 4 taong kasalukuyan sa ilalim ng pamumuno ni City Fire Director SUPT. Crossib C Cante at sa superbisyon ni SINSP ALEJANDRO T RAMOS mabilis na rumesponde sa F.B Harrison Figueroa Street,Pasay City matapos makarikober ng ₱1.3 M ay maayos na naibalik sa pagmamay-ari na si Jeff Palayaw ang kanyang pera.
**(MICHELLE MENDOZA)**

Southern
ISSN: 2508-0679
Sparkle News and PUBLISHING
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XIII No. 14 JANUARY 10-16, 2022 P10.00





*Personal na ininspeksyon ni City Mayor Lourdes S. Cataquiz ang Business One-Stop Shop sa Robinson's Galleria South ngayong ika- 7 ng Enero, 2021. Ang Business One-Stop Shop o BOSS para sa renewal at bagong application ng Business Permit ay programa ng Business Permit and Licensing Office sa pangunguna ni BPLO Head Elsa Santos. Hangad ng Pamahalaang Lungsod na maging mas mabilis at mas maaliwalas ang pagproseso ng Business Permit ng bawat negosyo sa ating lungsod lalo na ngayong panahon ng Pandemya.*

# NATIONAL VACCINATION DAY PARA SA MGA SENIOR CITIZENS, INILALATAG NA NG DOH




Inilalatag na ng Department of Health (DOH) ang planong pagsasagawa ng national vaccination day para lamang sa mga senior citizens o edad 60-anyos pataas.

“We are planning to put up a national vaccination day for the senior citizens... Let us all join the vaccinated and not the intubated," saad ni DOH Secretary Francisco Duque III nitong Miyerkules, Enero 5, 2022.

Kailangan din umanong maging mas agresibo ang pamahalaan sa pagbibigay ng booster shot sa mga senior. Ito ay sa gitna ng muling pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa.

Ayon naman kay vaccine czar Carlito Galvez Jr, maaaring mag-schedule ng bakunahan para sa mga senior citizens ayon sa utos ng National Vaccination Operations Center, Department of Health at Department of Interior and Local Government.

"The instruction is very clear: seek and vaccinate all seniors.. Tututukan namin talaga ang mga seniors for both primary doses and boosters," ani Galvez.



*Bilang tugon sa Regional Task Force Against COVID-19, personal ko pong binisita ang CAR-SIGMA Gymnasium na muling bubuksan at magsisilbing Temporary Treatment and Monitoring Facility dahil sa pagtaas ng kaso ng COVID-19.*

*Muli po kaming nagpapaalala sa publiko na makiisa sa mga ipinatutupad na alituntunin ng Lokal na Pamahalaan ngayong nasa Alert Level 3 ang Probinsya ng Cavite. Inaasahan po namin ang inyong kooperasyon.*

# PAGWASAK SA NAKUMPISKA NG ILEGAL FIRECRACKERS NG CAVITE POLICE





Pinagunahan ni Cavite Police Provincial Director PCol ARNOLD EVANGELISTA ABAD katuwang si PLtCol Marieta Garrido OIC Regional Civil Security Unit 4A ang pag wasak sa pamamagitang ng pagbasa ng tubig ang nasa mahigit sa 8,050 ibat ibang uri ng ilegal na firecrackers na.nakumpiska sa boung.lalawigan ng Cavite.

**(MARGIE BAUTISTA)**




*Tinanggap na ng lokal na pamahalaan ng Imus ang unang batch ng supply ng Molnupiravir . Ayon kay Mayor Emmanuel Maliksi, ang nasabing gamot ay binili ng kanilang lungsod upang 'ipamahagi sa mga naka-home quarantine at mapabilis ang kanilang pag-galing.' Patuloy rin umanong naghahanap ng paraan ang kanilang LGU upang makapaghatid ng serbisyong medikal sa kanilang mga nasasakupan.*